# HINDI KO ALAM

*Noong unang panahoooooon…Diiiiiii eeeeeeeend!!!*

Mula sa unang tatlong salita hanggang sa dalawang huling salita (kahit na mahaba pa yung eeeeeeeend ni nanay), wala akong pinalalampas noong bata tuwing bago matulog. Gabi-gabi 'yun, kahit na paulit-ulit-ulit yung pagkukwento niya, hindi pa rin ako nagsasawa. Kaya siguro lumaki akong mas gustong pinapakwento na lang yung buong istorya kaysa ako ang nagbabasa. Mas hinihikab kasi ako sa paraang 'to. Noong hayskul nga, kapag may pinatakda sa aming babasahin sa *Kayumanggi* yung guro namin sa Filipino, hindi ko pinagtatiyagaang basahin o silipin man lang. Kaysa abutin ako ng siyam-siyam sa pagbabasa, pinapakuwento ko na lang dun sa mga kaklase kong palabasa. Mas mabilis at mas madali ko pang maiintindihan di hamak yung istorya.

Kaya doon sa mga Pilipinong nagkaroon ng pagkakataong makapagbasa ng mga nobela ni Dr. Jose Rizal maging ang mga pahayagan ng mga manunulat at propagandista noong panahon ng pananakop ng mga dayuhan, lalo akong napahanga. Isipin mo, napaglaanan nila ng oras at napagtiyagaang basahin yung ganoon kahahabang nobela niya at ilan pang mga akda nila. E kung ako nga, *Ang Klase sa Pisika* lang ang nabasa ko sa El Fili; at ang dahilan pa kung bakit ako napilitang magbasa ay dahil ako ang mag-uulat nun sa klase. Sa mga dyaryo naman, komiks at horoscope lang ang napagtatiyagaan kong basahin.

Bigla ko lang naisip, na kung walang nagka-trip magbasa ng mga sulatin nila, nasa ilalim pa rin siguro tayo ng pamumuno ng mga dayuhan. Noong mga panahon kasing iyon, nagawa nitong pag-alabin ang damdamin ng mga mambabasang Pilipino tungkol sa hindi makataong pagturing sa atin ng mga banyaga. Sa tulong nila, lumaganap ang diwang makabayan sa mamamayan na naipunla sa kanila ng akda. Di nagtagal, unti-unting nagising ang mga Pilipino;

naging iisa ang bansa at nagkaroon ng isang adhikain. Adhikain na makawala tayo sa kadenang itinali sa atin ng mga dayo. Nang dahil sa tulong ng mga obra nila at sa mga matitiyagang mambabasang nito, tagumpay ang Pilipinas laban sa mga kaaway.

Sa ngayon, yung sinasabi ng iba na masyado nang watak-watak ang mga mamamayan sa Pilipinas, sa iisang banda, may katotohanan nga siguro ‘yon. Lalo pa’t puro sariling kapakanan na lang ang iniisip ng karamihan sa ating mga Pinoy. Pero sa tingin ko, hindi imposibleng maging isang bansa ulit tayo. Sa malaking tulong ng literatura at ng makabuluhang pagbabasa nito, pwede tayong magising mula sa natutulog nating kamalayan sa kasalukuyang estado ng bayan. Ang mga mahahalagang impormasyong kailangang malaman ng tao, nakaimprenta sa libro at nakalathala pati na sa Internet. Katulad ng pagkaing nakalatag na sa hapag; nakahanda na para busugin ang mga tao. Kaso minsan nasasayang lang ‘to; napapanis kasi hindi nagagawang kainin ng tao. Kaya sa panahon ngayon, napakarami sa ating mga Pilipino ang ignorante, at hindi natin magawang makapagbigkis dahil dito. Nariyan na nga ang mga impormasyon, kaso hindi lahat ginaganahang magbasa. Ang resulta, nagiging gutom ang mga isip ng karamihan. Kung titingnan sa kasalukuyang henerasyon, nagsisilbi itong malaking hamon. At dito sa henerasyong sinasabi ko, kabilang ako.

Dahil nga hindi ako mahilig magbasa, syempre hindi kapani-paniwala kung totoo ngang nakatapos akong magbasa ng isang akdang nobela. Pero masakit man ang katotohanan, katotohanan pa rin ikanga. Nito lang nung bago ako pumasok sa kolehiyo, first time ko magbasa ng nobela. Gawang Kano ‘tong binasa ko kaya nahirapan akong intindihin yung kwento at natagalan pang tapusin yung buong libro. Mahina kasi ako sa English; mababaw pa ang bukabularyo ko pagdating sa ganyan. Ang rekomenda sa akin ng kakilala ko, simulan ko raw

magbasa ng ganito kaikling nobela para mahasa ako. Kaso kulang-kulang tatlong buwan ko natapos yung libro; mas matagal  kumpara sa tatlong oras lang na pagbabasa ng kakilala ko.

Hindi ko naisip na bakit hindi ko subukang magbasa ng librong Pinoy. Kaya mula sa nakaka-nosebleed na English book, lumipat ako sa Noyping akda katulad ng mga libro ni Bob Ong. Isa sa mga katha niya ay ang *ABNKKBSNPLAko?!*. Nakakalibang basahin at maraming magagandang aral ang nakapaloob sa libro. Pero ang lalong nagpakabuluhan dito para sa akin ay nung nagkuwento siya ng tungkol sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas; kalagayan ng mga guro, estudyante at ng mga paaralan sa bansa. Ang laki ng epekto nito sa akin, lalo pa't kursong pang-titser ang kinukuha ko sa kasalukuyan.

Dito sa librong nabanggit ko at sa iba pang gawa niya, payak na Wikang Filipino ang ginamit kaya mabilis at madali kong naintindihan yung gusto niyang iparating. Ang laki pa ng epekto nito sa akin; bakas na bakas mo kasi yung kulturang Pinoy sa mga kwento niya. Pangmasa, at kahit sinong Pilipino ang magbasa, maging edukado man o hindi, makakaangkop at makaka-gets kaagad.

Kaya kung lahat makaka-gets, malaking bagay pala talaga ang paggamit ng Wikang Filipino para sa ikatutulong ng literatura sa ikabubuklod ng bansa. Sa pamamagitan ng wika, napag-uugnay nito ang mga mamamayan sa bansa at nagiging susi ng pagkakaintindihan. Nagkakaintindihan tayo sa paraan na pare-pareho ang kulturang kinagisnan at kinaaangkupan natin. At ang wikang mayroon tayo ay parte ng kulturang binuo natin sa napakaraming mga taon. Napaisip nga ako kaugnay nito. Doon sa aspeto ng pagbabasa ng akda, mas pinili kong mapagtuunan yung akdang banyaga; na kung titingnan, mas pinili ko pang pasukin at piliting umangkop sa kulturang mayroon sila kaysa sa nariyang angkin natin. Kung ganitong klase rin ng pag-iisip mayroon ang ibang mga Pilipino, hindi nga talaga natin mararamdaman ang diwa ng

pagkakaisa. Hindi pagboykot sa gawa ng mga taga-kabila ang sagot; kundi mas matutuhan sana natin na pahalagahan muna yung literaturang maka-Pilipino nang sa gayon ay isa ang wika sa makapagdadala sa atin tungo sa pagkakabuklod-buklod.

Gamit na gamit ko naman ang Wikang Filipino. Lalo na kapag sumusulat ako ng mga love letters, sanaysay, artikulo o iba pang klase ng sulatin. May talento naman ako sa pagsusulat, wala nga lang tiyaga sa pagbabasa. Pero sabi nila, para raw maging mahusay ka sa pagsusulat, kailangan nagbabasa ka rin daw kahit papaano. Wala naman sa layunin kong maging mahusay na manunulat. Basta gusto ko lang ibahagi yung maliit na bahagi ng pagkatao ko sa paraang ito.

Ngayong college, naisipan kong pumasok sa publication ng kampus namin. Pinalad naman ako, at naging staffer din pagkatapos. Siyempre sa mismong opisina namin, nagkalat yung bultu-bultong mga isyu ng dyaryo noong nakaraan pang mga semestre. Binasa ko na rin yung ilan sa mga ‘to. Napansin ko, may pangil ang mga artikulong isinusulat nila. Kumbaga, may pagkapalaban na medyo nakakapagdulot ng pagkulo sa dugo ko. Tapos may mga artikulo rin namang kalma lang. Yung tipong ngumiti lang ako at hindi sumakit yung ulo ko sa pagbabasa.

Nakakamanghang isipin diba?! Nadadala ako ng mismong artikulo. Ang galing ng mismong manunulat kasi nagagawa niyang paglaruan yung damdamin ko. Dahil maayos ang pagkakasalansan ng mga salitang ginamit at nailahad naman yung mga ideyang binuo, may nabuo ring hindi ko maintindihan sa loob-loob ko na kung anuman. Hindi siya nakikita ng tao tiyak. Basta, parte siya ng emosyon sa tingin ko. Siguro ito na nga yung pakiramdam na tinutubuan ako ng pakialam sa mga nangyayari sa paligid ko. Yung tipong gusto ko nang malaman yung mga bagong kaganapan tapos gusto ko nang gumawa ng aksyon pagkatapos. Ito yung pakiramdam na mas luminaw sa akin yung salitang pagbabago at mas lumiwanag yung

totoong papel ko sa lipunan. Kung ito ang nagawa sa akin ng literatura, ganito rin ang magagawa nito tiyak sa ibang mga tao. Kahit ba iba-iba pa tayo ng pagkatao, sigurado namang kahit maliit na porsyento lang, may mabubuong pagbabago sa bawat isa. Kapag lumaki ‘tong porsyentong nabuo tapos pinagsama-sama lahat ng mga taong nakaramdam ng ganito, diyan naman papasok ang pagkakaisa ng taumbayan.

Kaya naman napagtanto ko na hanggang mayroong manunulat na magmumulat at magsusulat para makapagbukas ng mga mata at isip ng mga tao, magagawang pagbuklurin ng literatura ang mamamayan ng bansa. Kung hanggang kalian nila kayang magmulat, sa tingin ko hanggang may taong bulag sa katotohanan, bingi sa sigaw ng masa at pipi sa kung ano ang isinisigaw ng pagkatao, hindi magsasawa ang mga manunulat na gawin ito. Sa katunayan, lahat tayo pwedeng maging manunulat; lahat tayo, pwedeng magkaroon ng kapangyarihang mapagkaisa ang mga Pilipino gamit ang literatura. Yung kagustuhan lang ng isa na maging bahagi nito ang magpapaposible dito.

Sa totoo lang, hindi ko talaga alam kung paano pinagbubuklod ng literatura ang bansa. Yung proseso mismo? Wala akong maibigay na konkretong paraan dahil masyadong komplikado. May powers ba ang literatura? Malay ko. Siguro, pero ‘di ko pa rin sigurado. Basta ang alam ko, kapag may taong handang gumugol ng oras sa pagbabasa ng isang akda, lalo na kung nasa Wikang Filipino ito, tapos hangga’t mayroong manunulat na gustong magmulat, tiyak hindi imposibleng tubuan ng pakialam ang mga Pilipino sa mga nagaganap sa paligid niya na unti-unting bubuo ng pagkakaisa sa sambayanan.